

「子ども手当」の申請について
(2011年10月1日～2012年3月31日分)

**Tungkol sa Pag-aplay ng [Pinansyal na Tulong para sa mga Bata na Tinatawag na *Kodomo Teate*]
(para sa panahong Oktubre 1, 2011 ~ Marso 31, 2012)**

※2011年10月1日から支給要件、支給額等が変わりました。

※2012年4月以降は新しい支給制度になる予定です。

* Mula Oktubre 1, 2011 ang mga batayan, halaga ng ibibigay, atbp, ay magbabago.

* Balak ng magkaroon ng bagong sistema sa pagbibigay mula Abril, 2012.

1 子ども手当は次のような場合に支給されます

1 Ang kodomo teate ay binibigay sa mga sumusunod na mga kaso

(1) 子ども手当制度とは？

2010年4月から、日本国内に住民登録をしている方、又は外国人登録をしている方で、支給対象となる子どもを養育している方に手当が支給されます。(ただし、在留資格が「短期滞在」「興行」の場合、又は在留資格の無い場合は支給対象外です。)

(1) Ano ang sistema ng *kodomo teate*?

Mula Abril ng taong 2010, ang mga nakarehistrong taong naninirahan sa loob ng Japan, o mga dayuhang nakapagparehistro, na may mga anak na pinapalaki na tinutugunan ng sistemang ito, ay mabibigyan ng pinansyal na tulong o sustentong ito. (Ngunit, hindi maaaring makatanggap kapag ang visa ay [short-term stay] o [entertainer], o kapag walang visa.)

(2) 支給対象となる子ども

0歳から中学校修了までに相当する年齢の子ども(15歳になった最初の3月31日まで)が対象になります。

なお、海外に住んでいる子ども(留学の場合を除く※)は原則支給対象にはなりませんので、ご注意ください。

※ 留学を理由に海外に住んでいる場合は、以下の要件を全て満たせば支給対象となります。

- ・日本国内に住所を有しなくなった前日までに日本国内に継続して3年を超えて住所を有していたこと
- ・教育を受けることを目的として海外に居住しており、父母(未成年後見人がいる場合はその未成年後見人)と同居していないこと
- ・日本国内に住所を有しなくなった日から3年以内であること

(2) Ang mga batang tinutugunan ng sistema

Ang mga batang ang gulang ay mula 0 hanggang sa gulang na makatapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 ng ang bata ay maging 15 taong gulang), ay ang mga batang tinutugunan ng sistemang ito.

Ang mga batang nakatira sa ibang bansa ay hindi tinutugunan ng sistemang ito (maliban sa mga nasa ibang bansa upang mag-aral※), mag-ingat lamang tungkol sa bagay na ito.

※Kapag nakatira sa ibang bansa sa dahilang upang mag-aral, maaaring matugunan kung ang mga sumusunod na mga bagay ay nasusunod.

- nakatira sa loob ng Japan ng 3 taong tuluy-tuloy hanggang isang araw bago siya ay lumipat ng tirahan sa labas ng Japan,
- ang layunin ng pagtira sa ibang bansa ay upang mag-aral, at hindi kasama ang ama o ina (o ang taong nasa wastong gulang na nagbabantay sa bata) sa tirahan, at
- ang panahon na hindi pagtira sa loob ng Japan ay sa loob ng 3 taong lamang.

(3) 支給金額

子ども1人につき、以下のとおり支給されます。

(支給対象年齢)	(支給月額)
0歳～3歳未満	15,000円(一律)
3歳～小学校修了前	10,000円(第1子・第2子) 15,000円(第3子以降)
中学生	10,000円(一律)

(3) Ang halagang ibibigay

Bibigyan ang bawat bata ng halagang nakasulat sa ibaba.

(Ang tinutugunang edad na bibigyan)	(Halagang ibibigay buwan-buwan)
Mula 0 ~ bago maging 3 taong gulang	¥15,000 (pare-pareho)
Mula 3 taong gulang ~ bago magtapos ng mabababang paaralan	¥10,000 (una at pangalawang anak) ¥15,000 (mula pangatlong anak)
Mga batang nasa junior high school	¥10,000 (pare-pareho)

(4) 支給時期及び方法

支給時期については、2011年10月～2012年1月分(4か月分)の手当は2012年2月に、2012年2月、3月分(2ヶ月分)は2012年6月に、それぞれ子どもを養育している方名義の口座に振り込まれます。

(4) Ang panahon at ang paraan ng pagbibigay

Tungkol sa panahon ng pagbibigay, ihuhulog sa banko ng taong nagpapalaki sa bata sa Pebrero, 2012 ang para sa Oktubre 2011 ~ Enero 2012 na sustento (para sa 4 na buwan), sa Hunyo 2012 naman ang para sa Pebrero at Marso 2012 (para sa 2 buwan).

2 子ども手当を受け取るためには、申請が必要です

2 Kailangan mag-aplay ang nais makatanggap ng *kodomo teate*

- (1) 子ども手当の支給を受けるためには、申請が必要です。手当を受けたい方は「子ども手当認定請求書」に必要なことを記入し、(2)の書類と一緒に、4の申請窓口申請してください。市区町村が申請内容を確認し、認定した場合に手当が支給されます。

なお、2011年9月以前の子ども手当を受け取っていた方も2011年10月以降の子ども手当を受け取るためには、改めて申請が必要になりますのでご注意ください。

※「子ども手当認定請求書」は、4の申請窓口で入手できます。また、ご希望に応じて郵送しますので、4のお問い合わせ先までご連絡ください。

- (1) Kinakailangang mag-aplay upang makatanggap ng *kodomo teate*. Kailangang ibigay sa tanggapang nakalaan para sa pagtanggap ng pag-aaplay para dito na nakasulat sa 4 ng mga taong nais makatanggap ng *kodomo teate* ang application form na tinatawag na

[*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] matapos isulat dito ang mga kailangang bagay, kasama ang mga dokumentong nakasulat at (2). Matapos suriin ng munisipyo ang mga nakasulat na bagay, mabibigyan ng sustento kapag na-aprubahan.

Maliban dito, ang mga taong nakakatanggap ng *kodomo teate* bago pa ng Setyembre 2011, kailangan mag-aplay muli upang makatanggap ng *kodomo teate* mula Oktubre 2011, mag-ingat lamang tungkol sa bagay na ito.

※Ang [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] ay makukuha sa mga tanggapang nakalaan para sa pagtanggap ng pag-aaplay para dito na nakasulat sa 4. Kung hihilingin maaaring ipadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo, magtanong lamang sa sa mga tanggapang na nakasulat sa 4.

(2) 申請する時に「子ども手当認定請求書」と一緒に提出するもの

- ・申請する人の外国人登録証の写し
- ・申請する人の健康保険証（健康保険に入っている場合）の写し
- ・振り込み先の預金通帳の写し（申請者本人の口座に限ります）

※その他、必要に応じて書類の提出を求められることがあります。

(2) Mga dokumentong sabay ibibigay kasama ang [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] sa oras ng pag-aplay

- Kopya ng Alien Card ng taong mag-aaplay
- Kopya ng Health Insurance Certificate (kapag kasapi ng isang health insurance) ng taong mag-aaplay
- Kopya ng libreta ng bankong huhulugan (kailangan ang account ay nakapangalan sa taong mag-aaplay)

※ Iba pang mga dokumento, maaaring hilinging magbigay ng iba pang mga dokumento kung kailangan.

(3) 2011年10月1日の時点で受給資格のある方は、2012年3月末までに申請をすれば、10月分から手当を受け取ることができます。

(3) Ang mga taong may aprobang makatanggap noong Oktubre 1, 2011, makakapanggap ng sustento mula Oktubre kapag nag-aplay hanggang katapusan ng Marso 2012.

(4) 2011年10月以降に他の市区町村へ転居される方は、転出した日（転出予定日）の翌日から15日以内に、転入先の市区町村へ必ず申請してください。

転出した日の翌日から15日を過ぎて申請された場合、転入後の期間についての手当は申請のあった月の翌月分から支給となりますので、満額の手当を受け取れないことがあります。

(4) Ang mga taong lumipat galing sa ibang munisipalidad mula Oktubre 2011, kailangan mag-aplay sa nilipatang munisipalidad sa loob ng 15 araw mula sa sunod na araw nang araw ng paglipat (o araw na balak lumipat).

Kapag nag-aplay pagkalipas ng 15 araw mula sa sunod na araw ng paglipat, ang sustento para sa panahon pagkatapos lumipat ay ibibigay sa susunod na buwan ng buwang nag-aplay kaya may kasong hindi matatanggap ang buong halaga ng sustento.

(5) 2011年10月以降に子どもが生まれた方についても、手当を遡って受け取ることはできませんので、生まれた日の翌日から15日以内に、必ず申請してください。

- (5) Tungkol naman sa mga nanganak mula Oktubre 2011, hindi matatanggap ang sustento bago mag-aplay kaya kailangan mag-aplay sa loob ng 15 araw mula sa sunod na araw ng panganganak.
- (6) 2011年10月以降に来日された方は、申請月の翌月分から支給されますので、来日後速やかに申請してください。
- (6) Mabibigyan ng sustento ang mga taong pumarito sa Japan mula Oktubre 2011, mula sa susunod na buwan matapos silang mag-aplay, kaya mag-aplay agad pagdating sa Japan.
- (7) 2012年2月に10月～1月の4か月分の支給を受けたい方は、○月△日までに申請してください。
- (7) Ang nais makatanggap ng ibinibigay na sustento sa buwan ng Pebrero para sa buwan ng Oktubre ~ Enero na apat na buwang sustento, ay kailangang mag-aplay hanggang ○ [=月名], △ [=日付数字].

3 お願い

3 Hinihiling

次のような場合には手続きが必要です

- ・住所が変わったとき（他の市区町村に転居した場合、新しい住所の市区町村で、改めて子ども手当の申請が必要です。）
- ・本人又は、対象の子どもが出国するとき
- ・子どもを養育しなくなったとき
- ・子どもと別居するとき
- ・出生や死亡などで、子ども手当支給の対象となる子どもの数が変わったとき
- ・振込先の口座を変更するとき（新しい振込先は、申請者本人の口座に限ります。）

Kailangan ilakad ang mga dokumento sa mga sumusunod na kaso.

- Kapag lumipat ng tirahan (Kapag lumipat ng tirahan sa ibang lugar, kailangan ilakad muli ang pag-aplay ng *kodomo teate* sa bagong lugar.)
- Kapag ang tumatanggap o kaya ang kinaukulang bata ay lumabas ng bansa
- Kapag hindi na sinusupporta ang bata
- Kapag nahiwalay ang tirahan ng bata
- Kapag nabago ang bilang ng batang tinutugunan ng *kodomo teate* dahil sa dahilang tulad ng panganganak o pagkamatay
- Kapag nabago ang account sa banko na padadalhan ng pera (Ang bagong account na padadalhan ng pera ay kailangan nakapangalan sa nag-aaplay na tao.)

4 お問い合わせ先（申請窓口）

4 Maaaring mapagtatanganan (tanggapang nakalaan sa pagtanggap ng pag-aaplay)